REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

# KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 07-128

## KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 96-66 NA KILALA BILANG "ORDINANSA PARA SA TRAYSIKEL".

*******************************************************************************************

Ipinanukala ni : **Kgg. Lucio B. Constantino**
Kasamang Nagpanukala : **Kgg. Allen F. Ampaya**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Ma. Luisa Babaran-Echavez, M.D.**
**Kgg. Mggl. Raul R. Corro**
**Kgg. Bal Niefes**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Kevin B. Delgado**
**Kgg. Mggl. Icasiano M. dela Rea**
**Kgg. Elmer S. Espeleta**
**Kgg. Francis Ian T. Bagatsing**
**Kgg. Inhr. Marissa Cole-Rongavilla**
**Kgg. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kgg. Christian Glenn D. Lorica**

*******************************************************************************************

**SAPAGKAT,** layunin ng ating pamahalaang lungsod na patuloy na maisaayos ang pamamahala at pangangasiwa ng operasyon ng mga traysikel sa Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang pagpapatupad ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-66 ay matagal nang nabigyang bisa at ito ay hindi na umaayon sa kasalukuyang takbo ng operasyon para sa mga traysikel;

**SAPPAGKAT,** lubhang kinakailangan ang pag-aamyenda sa nasabing kautusan upang mas maging epektibo ang pagpapatupad nito;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

Inaamyendahan ng Kautusang ito ang mga sumusunod na Seksiyon ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-66 na nagsasaad ng mga sumusunod:

SEKSIYON 7. MGA KATANGIAN (QUALIFICATIONS)

Seksiyon 7.1. Operator ng Traysikel. Tanging mamamayang Pilipino o mga samahan/korporasyon na itinatag alinsunod sa mga batas ng Pilipinas, naninirahan o may negosyo sa Lungsod ng Muntinlupa, at rehistradong may-ari ng yunit ng traysikel ang pahihintulutang pumasada ng paupahang traysikel sa Lungsod ng Muntinlupa. Gayon pa man, para sa operasyon sa loob ng subdibisyon, nayon o yunit ng mga bahay (housing units), kinakailangan na ang mga naninirahan dito ang bibigyan ng prayoridad para pumasada at/o magmaneho ng traysikel sa nasasakupang sona.

*Pahina 2*
*Kautusang Panlungsod Bilang 07-128*

Seksiyon 7.2. Drayber ng Traysikel. Tanging ang mga taong may karampatang lisensiya sa Tanggapan ng Panlupang Transportasyon bilang drayber ng sasakyang de-motor ang pahihintulutang magmaneho ng traysikel na may motor sa Lungsod ng Muntinlupa, sa kondisyon na ang nasabing drayber ay naninirahan sa barangay ng Muntinlupa kung saan nais niyang imaneho ang traysikel. Ang drayber ng traysikel na walang motor (pedicabs) na naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa ay kinakailangang rehistrado sa TRU.

SEKSIYON 15. PASAHE SA TRAYSIKEL

Seksiyon 15.4. Ang mga pasahe mul;a sa ika-10 ng gabi hanggang ika-5 ng umaga ay dalawang piso at limampung sentimo (2.50) para sa unang kilometro at ang karagdagang limampung sentimo (0.50) para sa bawat kilometro pagkatapos.

SEKSIYON 18. PAGTATANGGAL NG PRANGKISA

Seksiyon 18.1. Ang prangkisa ay maaaring tanggalin ng Sangguniang Panlungsod matapos ang rekomendasyon ng MTFRB sa mga sumusunod na kadahilanan:

18.1.1. Ang traysikel ay ginagamit sa ilegal at labag sa batas na layunin o sa paggawa ng krimen sa kaalaman, pahintulot o pagsang-ayon ng namamahala o may-ari ng traysikel.

18.1.2. Ang sidecar at/o ang motorsiklo ay sira-sira o hindi na maayos ang kondisyon (not roadworthy).

18.1.3. Ang sidecar at/o ang motorsiklo ay ipinagbili sa ibang tao.

SEKSIYON 22.4. TUNGKULIN NG TODA

Seksiyon 22.4.14. Irehistro ang samahan sa kinauukulang ahensiya ng pamahalaan at pangunahan ang paghingi ng akreditasyon sa Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng MTFRB.

**at ang mga sumusunod na Seksiyon ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-66 ay babasahin ngayon ng alinsunod sa mga sumusunod:**

*"SEKSIYON 7. MGA KATANGIAN (QUALIFICATIONS)*

*Seksiyon 7.1. Operator ng Traysikel. Tanging mamamayang Pilipino o mga samahan/korporasyon na itinatag alinsunod sa mga batas ng Pilipinas, naninirahan o may negosyo sa Lungsod ng Muntinlupa, rehistradong may-ari ng yunit ng traysikel at* ***lehitimong botante ng Lungsod ng Muntinlupa*** *ang pahihintulutang pumasada ng paupahang traysikel sa Lungsod ng Muntinlupa. Gayon pa man, para sa operasyon sa loob ng subdibisyon, nayon o yunit ng mga bahay (housing units), kinakailangan na ang mga naninirahan dito ang bibigyan ng prayoridad para pumasada at/o magmaneho ng traysikel sa nasasakupang sona.*

*Seksiyon 7.2. Drayber ng Traysikel. Tanging ang mga taong may karampatang lisensiya* ***(Professional Driver's License)*** *sa Tanggapan ng Panlupang Transportasyon bilang drayber ng sasakyang de-motor ang pahihintulutang magmaneho ng traysikel na may motor sa Lungsod ng Muntinlupa, sa kondisyon na ang nasabing drayber ay naninirahan sa barangay ng Muntinlupa kung saan nais niyang imaneho ang traysikel at* ***walang nakabinbin na kaso na patutunayan ng Police Clearance kung siya ay matagal nang naninirahan sa Muntinlupa at/o National Bureau of Investigation Clearance kung siya ay hindi taga Muntinlupa o wala pang anim (6) na buwang naninirahan sa Muntinlupa at siya ay nakarehistro sa Tricycle Regulatory Unit.*** *Ang drayber ng traysikel na walang motor (pedicabs) na naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa ay kinakailangang rehistrado sa TRU.*

*SEKSIYON 18. PAGTATANGGAL NG PRANGKISA*

*Seksiyon 18.1. Ang prangkisa ay maaaring tanggalin ng Sangguniang Panlungsod matapos ang rekomendasyon ng MTFRB sa mga sumusunod na kadahilanan:*

*18.1.1. Ang traysikel ay ginagamit sa ilegal at labag sa batas na layunin o sa paggawa ng krimen sa kaalaman, pahintulot o pagsang-ayon ng namamahala o may-ari ng traysikel.*

*18.1.2. Ang sidecar at/o ang motorsiklo ay sira-sira o hindi na maayos ang kondisyon (not roadworthy).*

*18.1.3. Ang sidecar at/o ang motorsiklo ay ipinagbili sa ibang tao.*

***18.1.4. Ang prangkisa o sertipiko sa pagpapasada ay nailipat o naipagbili sa ibang tao.***

***18.1.5. Di-pagbabago (non-renewal) ng prangkisa matapos na ito ay lumagpas sa takdang araw.***

***18.1.6. Pagpapasada ng traysikel na hindi nakasaad o kasama sa kanyang prangkisa.***

***18.1.7 Ang operator at/o drayber na mapapatunayang lumabag ng tatlong (3) beses sa Seksiyon 24 (Mga Paglabag at Parusa)***

***18.1.8. Di-pagpapanibago (non-renewal) o pagbabayad ng Muntinlupa Tricycle Operator's Permit (MTOP) sa loob ng isang taon sa takdang araw na itinakda ng TRU.***

*SEKSIYON 22.4. TUNGKULIN NG TODA*

*Seksiyon 22.4.14. Irehistro ang samahan sa kinauukulang ahensiya ng pamahalaang* ***nasyonal (Security Exchange Commission/Coopetative Development Authority) at lokal (Business Permits and Licensing Office)*** *at pangunahan ang paghingi ng akreditasyon sa Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng MTFRB.*

***SEKSIYON 24. Pinagbabawal ang paninigarilyo habang namamasada at pagtetext at pagsagot sa cellular phone.***

*SEKSIYON 25. IBA'T-IBANG PROBISYON (Miscellaneous Provisions)*

***Seksiyon 25.10. Ang membership fee na kokolektahin sa mga bagong kasapi ay kinakailangang hindi labis-labis at makatwiran. Dahil dito, ang pagpapatibay ng MTFRB ay kinakailangan.***

***Seksiyon 25.11. Ang sinumang TODA na mapatunayang lumabag sa kanilang sariling Saligang Batas (By-Laws) katulad ng hindi pag-uulat ng taunang pananalapi at hindi pagdaraos ng halalan ay maaaring maging dahilan upang bawiin at/o ipagpawalang-bisa ang akreditasyong ipinagkaloob ng Sangguniang Panlungsod para sa kanilang samahan.***

***Seksiyon 25.12. LIMITASYON SA PAGBIBIGAY NG PRANGKISA. Ang bawat operator ay maaari lamang bigyan hanggang limang (5) prangkisa, kasama na rito ang traysikel na pag-aari ng kanilang asawa o anak."***

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



Ang mga Seksiyon ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-66 na hindi nabanggit dito ay mananatili ng walang anumang pagbabago.

Anumang kautusan o bahagi nito na taliwas o di-tugma sa probisyon ng Kautusang ito ay pinapawalang-bisa at babaguhin ng alinsunod dito.

Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ang paglalathala sa pahayagan na may malawak o lokal na sirkulasyon.

**PINAGTIBAY,** ng Ika-***Apat*** na ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ika-***25*** ng ***Enero 2007,*** sa ginanap na ika-***104th*** na Regular na Sesyon.

**SUMASANG-AYON:**

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Konsehal*

**MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, M.D.**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**ALLEN F. AMPAYA**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**KEVIN B. DELGADO**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo, Pederasyon ng*
*Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo, Samahan ng mga*
*Punongbarangay*

**LIBAN:**

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**JOSELITO V. AREVALO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**Sangguniang Panlungsod**

**PINATUTUNAYAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* _______________

PBS, JR.